

1

“Yes, you heard me right, Dave, it is over. We’re done,” pinal na pinal na pahayag ni Reese. Nakikipag-break siya kay Dave, her boyfriend of three months.

“What are you talking about?” nagtataakang tanong ng lalaki. “Hindi kita maintindihan. Ano ba’ng kasalanang nagawa ko? Please, don’t leave me,” todo-pakiusap nito. “I never did anything wrong para makipag-break ka sa akin. I never cheated on you. I’ve been loyal to you. Ni hindi nga ako tumitingin sa ibang babae. You are the only one I love. Please, huwag ganito.”

“I am really sorry, Dave, but it’s final. Ayaw ko na. Ours is a finished story. I’m sorry. You are a good man, and we’ve had great times together. But, it’s really goodbye.” Iyon lang at bumaba na siya sa kotse nito. Walang lingon-likod na iniwan niya ito kahit pa tinatawag nito ang pangalan niya. She wouldn’t look back anymore. It was not her thing.

“You are heartless, Reese,” napapailing na sambit ni Jill matapos niyang ikuwento sa mga kaibigan ang

nangyaring break-up. “Pinaasa mo ’yong tao for three months, ’tapos hihiwalayan mo.”

“I have a beautiful heart, Jill,” napapangiting saad niya.

“Beautiful ba ang tawag mo doon sa ginawa mo?” akusa ni Miel, her other friend. “Walang kasalanan ’yong tao.”

“Hey, if you really sympathize with him, why don’t you go and console him?” biro niya.

“Hay, ewan ko sa ’yo,” sabi nito at tinalikuran siya para ipagpatuloy ang paglalagay ng pop corn pack sa microwave para sa movie marathon nilang magkakaibigan. Mag-i-sleep-over sila ni Jill sa bahay ni Miel. “Did you ever love Dave?”

Hindi niya alam ang isasagot. Mabait at gentleman si Dave. There was not a single reason for her not to like the man, kaya sinagot niya ito nang manligaw ito. It was just a misfortune dahil hindi niya naramdaman sa sarili na mananatili siya sa relasyong iyon.

“Uy, hindi ka na nakasagot diyan,” sabi nitong muling humarap sa kanya. “Don’t tell me, pastime lang ang tingin mo doon sa relationship ninyo?”

“Wala akong sinabing ganyan,” depensa niya sa sarili. “Dave’s a good man and I liked him.”

“Malaki ang kaibahan ng like sa love, babae,” sabad ni Jill. “Alam kong alam mo ’yan. Naaawa ako doon sa tao. He’s innocent, for Pete’s sake.”

“You know what, Jill, kung talagang naaawa ka sa kanya, be my guest.”

“Huwag mong ibahin ang usapan,” sabi ni Jill at inirapan siya. “Hanggang kailan ka ba magiging ganyan? Na kapag nagparamdam na ng seriousness sa ’yo ang lalaki ay para kang pusang nag-aapoy ang buntot na kaagad lumalayo at nang-iiwan. Hanggang kailan ka ba tatakbo nang tatakbo na lang sa commitment?”

“As long as I can.”

“My gosh, Reese, pang-ilan na ba si Dave sa mga naging biktima mo? Hindi ka ba natatakot na makarma?” pangongonsyensya sa kanya ni Miel. “For the same reason kaya mo siya iniwanan? Dahil hindi mo kayang magtagal sa isang relasyon?”

“I was just being honest, okay? Mas masama ang lokohin ko sila nang lubusan,” tugon niya. Her life was an open book to her friends, kaya hindi siya maaaring makapagsinungaling sa mga ito.

“I don’t know what to say, Reese. Sana nga lang ay hindi ka makarma diyan sa pinaggagawa mo sa male species.”

“Miel, para bang sinabi mo na ring napakanotorious ko na.”

“Perhaps you are more than that,” sabi ni Jill. It was Jill who introduced her to Dave.

Maraming nanliligaw at umaaligid sa kanya. Nasa high school pa lang siya ay marami na ang suitors niya. She never asked for those guys to come to her, but they came to her anyway and followed her around, like butterflies to one delicate rose.

Hindi siya nakipag-boyfriend until she turned eighteen. Her first romantic relationship happened in her junior year in college. Her relationship with Lex lasted for two years. It was the longest relationship she had and it was a total failure. She loved him so much, she gave him all her love, but he ended up breaking her heart. Ang mga sumunod na pakikipagrelasyon niya ay hindi na tumatagal. Para bang napadaan lang siya sa buhay ng mga ex-boyfriends niya. At siya ang nag-i-initiate para tapusin ang anumang namamagitan sa kanila ng mga exes niya.

She grew up scared of having a failed relationship

like what transpired between her parents. Natatakot siyang mangyayari sa kanya ang ganoon. Ang maiwan sa ere dahil sa sobrang pagmamahal. Naghiwalay ang mga magulang niya when she was twelve years old. It was the most painful occurrence in her life. She was approaching adolescence then, the most crucial phase in a human being's life. Kung saan nangangailangan siya ng tamang patnubay at gabay ng mga magulang. Na siyang hindi nangyari, dahil kapwa abala ang mga ito sa paghihiwalay.

Nang magkaroon ng kani-kanyang pamilya ang mga ito, tuluyan nang naglaho ang pangarap niyang muling maging isang masaya at kompleto silang pamilya.

She couldn't blame her parents for what had happened. Dahil alam niyang may dahilan ang mga ito. Dahilang hindi man lang isinaalang-alang ang damdamin niya. Palipat-lipat siya ng tirahan. Shared custody ang ibinabang hatol ng korte tungkol sa pangangalaga sa kanya ng mga magulang. Pero nang magkaanak na ang mga magulang niya sa kani-kaniyang bagong asawa ng mga ito, doon na niya naramdaman na masikip na ang mundo para sa kanya sa buhay ng mga magulang. At the age of sixteen, she decided to live on her own. Pakiramdam niya, na-relieve pa ang papa at mama niya nang sabihin niya

sa mga ito ang desisyon. Na para bang nabunutan ng pagkalaki-laking tinik ang mga ito. Tumatanggap lang siya ng sustento mula sa mga ito hanggang sa makatapos siya ng college.

Nang maging sila ni Lex ay puno siya ng pag-asang magiging sila hanggang sa wakas. Ipinangako nito sa kanya na walang makakapagpahiwalay sa kanila. She believed him. Malaki ang pasasalamat niyang kahit pa nabigo ang pagsasama ng mga magulang, mayroon siyang chance na ibahin ang kapalaran niya. But, again, fate played on her a joke that was far from humorous. She caught Lex making love with a girl who happened to be their classmate in Physics. At sa mismong araw pa ng anniversary nila. Their second year as a couple.

Since then, tuluyan nang nawala ang paniniwala niya sa commitment. Those people she loved and valued most in her life made her see that commitment was just a simple word in the dictionary. Na kahit pala ibigay mo ang lahat-lahat sa taong mahal mo, at kahit nangako pa ang mga ito na hindi ka iiwan, darating ang araw na maiiwan kang mag-isa at nasasaktan. Tuluyan nang nawala ang tiwala niya sa commitment, maging sa true love. Kung nangyayari nga ang true love sa totoong buhay, siguro, sa iilang masuwerte lang, at hindi siya kasama sa mga iyon. Simula noon,

ipinangako niya sa sariling tumakbo palayo hangga't makakaya niya.

She became apprehensive, scared to believe in the promise of forever. Ayaw na niyang masaktan, kaya sinisikap niyang maging kaswal lang ang lahat pagdating sa pakikipagrelasyon. She exclusively dated some men, pero, kapag nararamdaman niyang nagiging seryoso na ang karelasyon ay gumagawa siya ng paraan para makipagkalas. She couldn't afford another heartache. It was good to stay on the safe side. Experience taught her to be cautious.

“Hello, Reese, I need back-up,” kaagad na sabi ni Mary pagkarinig sa boses niya sa cellphone. “Kailangan ko ng tulong mo. Pakisabihan na rin 'yung dalawa.” Sina Jill at Miel ang tinutukoy nito.

“Hey, hinay-hinay lang. Bakit, ano ba ang problema?”

“You won't believe this,” Mary said. “My father has compromised me into an arranged marriage. And the terrible thing is, I haven't even met the man!”

Malakas na tumawa si Reese. “Isn't it romantic? Parang sa pelikula lang nangyayari 'yan. Hindi ka ba natutuwa sa ideya ng father mo? He took upon the

responsibility of finding you a husband, ayaw mo pa n'un, hindi ka na mahihirapang maghanap pa. Congratulations, girl." Talagang natatawa siya sa hindi inaasahang balita mula sa kaibigan.

The idea of Mary being married to a total stranger amused her.

"I was expecting that you would, at least, sympathize with me. Pero mukhang natutuwa ka pa yata sa plano ng tatay ko na ilibing ako nang buhay. Darn it, Reese, how can I be happy about this?"

"Oo na, binibiro lang kita. On a serious note, talagang kung ako ang nasa kalagayan mo ay magpa-panic ako. Hindi ko rin alam kung ano ba'ng tumatakbo sa utak ng tatay mo para gawin sa 'yo 'yan. Siguro, malaki ang kasalanan mo sa kanya kaya ka pinaparusahan nang ganyan."

"I don't know. Siguro ang pag-alis ko sa poder niya matapos siyang mag-asawa ulit."

"What a shallow reason," sabi niya sabay hikab. Pareho sila halos ng kapalaran ni Mary. At pareho rin silang namumuhay nang mag-isa, kaya sila ang pinaka-close sa kanilang apat. Ang kaibahan lang nila ay patay na ang mama nito. "So, ano'ng back-up ang kailangan mo?"

“Pinauwi ako ng Papa bukas na bukas din. Ipapakilala raw niya ako sa husband-to-be ko. Duh. Gusto kong sumama kayo nina Jill at Miel pag-uwi ko para hindi ako mabaliw doon. I need you girls to cheer me up while I’m there waiting for my death sentence. At para na rin makaisip ng dahilan para makaiwas sa ganoong ordeal.”

“Okay, call ako diyan,” mabilis niyang pagsang-ayon. “You can always count on me. Don’t worry, ako na ang bahalang mag-relay nito sa iba pa. Good night, Mary. Antok na antok na ako. Bukas na lang natin pag-uusapan ang iba pang concerns, okay?” Hindi na niya ito hinintay pang makapagsalita, talagang inaantok na siya. Kapipikit lang niya nang maalalang inako pala niya ang responsibilidad na tawagan ang dalawa pa nilang mga kaibigan.

Pagdating nila ng Olotayan Island na sakop ng Roxas City, Capiz, kung saan nagpa-reserve si Mary ng cottage sa isang resort para tigilan nila nang gabing iyon, ay kaagad na humanga si Reese sa napakagandang kapaligiran. Ang sabi ni Mary ay sa isla muna sila mamamalagi. Bukas na sila uwi sa bahay ng papa nito sa Cuartero habang nag-iisip pa sila ng strategy para hindi matuloy ang binabalak ng

ama na ipakasal ito sa lalaking hindi nito kakilala.

Nagpaiwan si Mary nang magyaya si Miel na maglibot sila sa resort at makapaligo sa dagat. Sa cottage pa lang ay nakapagpalit na sila ng swim suit.

“So there is a hidden paradise here,” sabi ni Jill habang nagpatiuna itong tumakbo sa dagat.

“Oo nga,” si Miel. “Hindi nga ako nagsisising sumama dito kay Mary. Pero naawa ako sa kanya. Kung ako ang nasa kalagayan niya, hindi ako uuwi sa amin. Maglalayas ako para takbuan ang tatay ko at ang sino mang hudyong ipinagkasundo niyang ipakasal sa akin.”

“Agree ako diyan, gurl,” sabi ni Miel. “It is unfair. Reese,” tawag pa nito. “Paano kung sa ’yo mangyari ang pinagdaraanang challenge ni Mary ngayon? What would you do?”

Hindi pa siya nakakasagot ay sumabad na si Jill. “Miel, imposibleng mangyari sa kanya ’yan. Why? Because, bumubuwelo pa lang ang sinumang lalaking nai-inlove diyan to take their relationship to the next level ay kumakaripas na ng takbo ’yan.”

Sa halip na ma-offend sa binitiwang salita ni Miel ay natawa pa siya. “Hay, wala na nga akong puwedeng itago sa inyo,” sabi na lang niya.

“Pero, tiyak na darating ang araw na may isang lalaking magpapatibok diyan sa puso mo.” Si Miel. “At pag nangyari iyon, tiyak gusto mo nang makipag-commit sa kanya, pero ayaw niya. It would be hell, Reese, kaya magbago ka na.”

“Come here, ibaon ninyo ako sa buhangin,” sabi niyang tila hindi narinig ang sinabi ni Miel.

“Hay, hindi na nga ako pinakinggan,” sabi ni Miel. “Seryoso ka bang magpabaon diyan?”

“Never been this serious,” tugon niya at humiga na sa buhangin. Isinuot niya ang shades para pananggalang sa sikat ng araw. “Sige na, please.”

Parang iisang taong umahon ang dalawa sa tubig at nilapitan siya. Sinimulan ng mga itong takpan ng buhangin ang buong katawan niya. Mayamaya pa ay leeg na lang niya at ulo ang labas sa buhangin. Pumikit siya. At narinig niyang nagtakbuhan ang dalawa pabalik sa tubig.

She felt relaxed and calm. Nasa isip niya ang kinasasadlakang sirkumstansya ng kaibigan. Kung may magagawa lang sana siya para rito. Hindi makatarungan ang plano ng ama nito. The whole idea was nonsense.

2

“Any luck?”

Ibinaba ni Liam ang hawak na binoculars at nilingon ang kaibigang si Brian. Naroon sila sa malawak na balkonahe ng main house ng resort.

“None. I can’t find anything that interests me.”

“Bakit, ano ba ang inaasahan mong makita?” sabi ni Dale. “A little mermaid?”

Natawa siya. “Huwag namang little mermaid. I’d settle for a sexy one.”

“Same here,” sabi ni Brian at nakipag-high five sa kanya.

Naroon sila sa resort na pag-aari niya para sa celebration ng birthday ni Brian. They had invited some friends to the beach party. At mamayang gabi na iyon. And they were there to cheer Conrad up, their other friend. May malaki kasing problema ito. Problema sa babae. Isang problemang sa tingin niya ay hindi darating sa kanya dahil napakagaling niyang umiwas at lumusot. Kapag nagiging clingy na ang sinumang girlfriend niya ay mabilis pa sa alas

cuatrong nakakahanap kaagad siya ng paraan para makaalpas.

“By the way, where’s Conrad?” tanong niya pagkuwan. “Pagkatapos ng breakfast ay hindi ko na siya nakita.”

Kibit-balikat lang ang naging tugon ni Dale.

“That attitude of him doesn’t surprise me anymore,” sabi ni Brian. “Alam ninyong ganyan na siya noon pa man, right? Hayaan na muna natin siya. He has a problem and I don’t think he wants any help. Oh... love, you can’t walk away from it. It can make a man and destroy him just the same.”

Sabay na napatingin sila ni Dale sa kaibigang tila isang makatang kumukumpas-kumpas pa ang mga kamay.

“So not like you, Bri,” sabi niya na natatawa. Natawa rin ito. Muli siyang tumingin sa binoculars. “Let’s try our luck once more, baka makikita ko sa tabi-tabi si Little Mermaid.”

“I thought you want a sexy one?” Dale asked.

Hindi siya sumagot dahil eksaktong pagtutok niya ng kanyang mga mata sa binoculars ay nakatuon ito sa mukha ng isang babae. Ulo lang nito ang

nakalabas mula sa buhangin. Pinasadahan niya ng tingin ang katawan nitong nakabaon sa buhangin. Ibinalik niya ang tingin sa mukha nito. And it hit him hard on his gut. The woman, despite her face being almost half-covered by those pair of sunglasses, was beautiful. At tumagal ang paningin niya sa bahagyang nakaawang na mga labi nito.

Damn, but her lips charmed him. He wondered how soft and sweet those lips would be against his own.

“Hey, pal.” Bahagyang tinapik ni Dale ang balik at niya. “Hindi ka na nakapagsalita diyan. Found her already?”

“What?” naalimpungatang saad niya. Ibinaba niya ang binoculars. “No. May nakita lang akong space doon sa baba na puwedeng patayuan ng additional cottages.” Hindi niya alam kung bakit nagsinungaling siya. One thing was certain; he wanted that little mermaid for himself. Ayaw niyang mabighani rin ng kakaibang kagandahan nito ang mga kaibigan niya sakaling makita ito nina Brian at Dale. Alam niyang katulad niya ay mahilig rin sa babae ang mga ito. Baka maunahan pa siya sa little mermaid niya.

Niya?

Hell, bakit inako na niya kaagad ito? He devilishly grinned at the back of his mind.

“All right,” ani Dale. “Bababa lang ako sandali. I’ll just check the food for the party.”

“All right,” sabi niya. Balak niyang pagkaalis nito ay saka niya muling titingnan ang babaeng nasa kabilang bahagi ng resort. Tinapunan niya ng tingin si Brian na busy sa kung anumang pinagkakaabalahan sa laptop computer nito.

Nang ibalik niya ang tingin sa binoculars at itutok ito sa lugar kung saan nakahiga ang babae ay nadismaya siya. Dahil hindi na niya ito makita. Pinaglalaruan ba siya ng imahinasyon niya? Bakit bigla na lang naglahong parang bula ang babae? Baka naman talagang sirena ito at bumalik na ito sa ilalim ng karagatan.

Hell. He shouldn’t believe those stories. Isa pa, saan ba siya nakakita ng sirenang naka-sunglasses?

Naiinis siya dahil wala na ito. Pero kanino siya maiinis? Akmang ibababa na niya ang binoculars nang mula sa tubig malapit sa kinaroroonan ng little mermaid niya kanina ay umahon ang isang babaeng nagmamay-ari ng mukhang hinangaan niya kani-kanina lang. Para kumpirmahin ang kanyang

hinala, itinutok niya ang binoculars sa mga labi nito—it definitely was the woman who owned those kissable lips. At napalunok siya nang makita hindi lang ang mukha nito kundi pati ang kabuuan nito na natatakpan lang ng kulay itim na two-piece swimsuit.

And his little mermaid had legs; great, long legs to be specific. And she looked so sexy, her wet hair adding to her sensuous personality. Napahigpit ang hawak niya sa binoculars. Pinagpawisan siya nang malamig. A feeling of raw desire slithered through him. It paralyzed him! My, he was gravely attracted to her.

“Brian,” tawag niya sa kaibigang panay ang pindot sa keypad ng computer nito. “I have to go for a while. I’ll be back,” aniya. Pupuntahan niya si Little Mermaid. Baka makaalis pa ito kapag na-delay siya. Kailangang walang masayang na oras. Hindi pa man nakakasagot ang kaibigan ay dali-dali na siyang bumaba ng hagdanan. Bitbit ang binoculars ay tinungo niya ang direksyon kung saan niya nakita ang babae.

Naisip niyang baka guest ito sa ibang resort. Hindi sila tumanggap ng ibang guests sa resort nang araw na iyon dahil sa birthday ni Brian. They wanted it to be an exclusive beach party.

Bigla niyang naalala na may isang Mary Castillo na nagpa-reserve ng isang cottage kaninang umaglang. Hindi niya nahindian ito dahil kakilala ito ng kaibigan niyang si Chris.

Hindi kaya si Little Mermaid at si Mary Castillo ay iisa? Binilisan niya ang paghakbang.

“Gusto ko nang mag-shower, nanlalagkit na ako,” sabi ni Reese sa dalawang kaibigan.

“Five minutes more,” sabi ni Miel na namumula na ang balat dahil sa sikat ng araw. Sumisid ito.

Umahon siya. Nakatungo siya habang papunta sa lugar kung saan nakalagay ang kanilang mga tuwalya. Dinampot niya ang towel at ibinalabalayon sa basang katawan. Kinuha rin niya ang sunglasses at isinuot. Papanoorin na lang niya ang mga kaibigan habang nagkakasayahan pa ang mga ito.

“Hi!”

Napatingin si Reese sa kanan niya. At tumaas ang isang kilay niya nang papalapit sa kanya ang isang lalaking may hawak na binoculars. Abot-tainga ang ngiti nito na para bang matagal na silang magkakilalang dalawa, when in fact, she couldn't

recall meeting him even in her dreams. Pero hindi niya maaaring dayain ang sariling judgment that she found him incredibly handsome.

He had dark, curly hair, a formidable forehead, eyes that seemed to glint by the sunlight, a nose that could model for Greek sculptures. And his body was to die for! Indeed, the man was undeniably handsome.

Sandali lang ang pagka-mesmerize niya sa katauhan nito. Tumayo siya nang makitang nakatingin ito sa mga hita niyang nakalatag sa buhangin. Tinakpan niya ng tuwalya ang katawan. At saka niya napansing matangkad ang lalaki nang magkaharap na sila nito.

“Hi,” sabi niya.

“I’m Liam,” pakilala nito at inilahad ang kanang kamay nito.

“Reese,” pakilala rin niya at inabot ang kamay nito. Mainit ang palad ng lalaki na tila pumasok sa kanyang buong pagkatao. Bigla tuloy pumasok sa isipan niya ang sinabi noon ni Mary na mangyayari ang araw na may darating na tao na kapag nagdaop ang kanilang mga palad ay makapagpaparamdam ng isang damdaming napakahirap na ipaliwanag, pero nararamdaman na lang ang kagandahan niyon and

the completeness within oneself. Ayaw man niyang isipin ang ganoon, iyon ang kaagad na pumasok sa isipan niya sa pagtatagpo ng mga palad nila ng lalaki.

Binawi niya ang kamay. Inalis niya sa isipan ang sinabi ni Mary. Lalo pa at maliwanag sa kanya ang nakikita niya sa mga mata nito: a look of desire, undoubtedly. Walang duda. Sa dinami-dami na ng lalaking nakasalamuha niya, hindi lingid sa kanya ang mga titig na ibinibigay sa kanya ng mga ito. At ang nakikita niya sa mga mata ng lalaking kaharap niya sa sandaling iyon ay nakita na rin niya sa iba pa. She smiled smugly in secret. Mukhang may nagkakainteres na naman sa kanya. Hindi kayabangan ang tawag doon, talagang aware lang siya sa taglay niyang charm sa opposite sex.

“I think ikaw si Mary Castillo,” sabi nito na hindi kumukurap ang mga mata. “Nagpa-reserve kasi siya ng cottage dito sa resort.”

Paano kaya nito nakilala ang kaibigan niya?

“No,” tanggi niya, pilit na pinakakalma ang sarili. Darn, why was she so affected gayong ilang daan nang lalaki ang nakipag-handshake sa kanya? “But I’m her friend. Naroon siya sa cottage namin. Paano mo pala siya nakilala?”

“Ah, gan’un ba? Kasi tumawag siya kaninang umaga dito sa resort at nagpa-reserve ng cottage for overnight stay,” paliwanag nito na hindi pa rin napapalis ang magandang ngiti.

“So, ikaw ang may-ari nitong resort?” muling tanong niya.

“Kind of,” sagot nito. She could sense modesty in his voice.

“Reese!”

Sabay silang napatingin sa tubig kung saan sabay na papalapit sa kanila sina Jill at Miel.

“Would you mind introducing us to your new friend there?” nakangiting sabi ni Miel sabay dampot ng towel nito.

“Hi,” bati ni Liam sa dalawa.

“Oh, right,” sabi niya. “Liam, these are my friends, Jill and Miel. Girls, this is Liam, siya ang may-ari ng resort.”

Napailing na lang siya nang mag-unahan ang dalawa sa pakikipagkamay kay Liam. She was hoping that he would not be turned off by her friends’ actuations. Pero bakit ba concern siya sa magiging reaction ng lalaking ito?

“It is a pleasure to know you, Girls,” sabi ni Liam, ang mga mata niya ay nakatuon kay Reese. Mas maganda ito sa malapitan. Hindi niya maiwasang muling titigan ang mga labi nitong natitiyak niyang kay sarap halikan. He could envision the two of them sharing a passionate kiss by the seashore while the stars were dancing above them.

“The pleasure is ours,” parang namamatanda na sabi ni Miel.

Sa halip na ma-turn-off ay naa-amuse pa siya sa tinuran nito. May pakiramdam siyang magiging kaibigan niya ang mga bagong kakilala. But not Reese. He wanted to be more than a friend to Little Mermaid.

“Hey, pal!”

Napalingon silang apat sa pinanggalingan ng tinig. Sina Dale at Brian ang paparating. Nais niyang mapapalatak. Nasundan siya ng mga kaibigan niya.

“So, the mermaids are here,” natatawang saad ni Dale at tinapunan siya ng makahulugang tingin. “I should have grabbed those binoculars from you, man.”

He grinned. “Guys, I’d like you to meet Reese, Miel, and Jill. Girls, these are my friends, Dale and Brian.”

Kani-kanyang pakikipag-shakehands ang mga ito. Pero, binabantayan niya ang mga galaw ni Reese. Bigla siyang nakaramdam ng caring impulse para rito. Hell. Was he infatuated with her? Hindi na siya teenager para magka-crush ng ganoon. But as his eyes lingered on her lips, he was lost. Sa dinami-dami na ng babaeng nakasalamuha niya, maliwanag na ang damdaming iyon ay iisa lang ang ibig sabihin: he wanted Reese—bad. And he would have her, he was very sure of that.

“Girls, hanggang kailan kayo dito?” tanong ni Brian.

“Until tomorrow morning,” sagot ni Reese. “Pupunta kami ng Cuartero bukas ng umaga.”

“That’s great, because I am inviting you to my birthday party tonight,” imbita ni Brian na ikinagulat man ni Liam ay ikinatuwa na rin niya dahil may dahilan na siya para makasama nang mas matagal si Reese and perhaps be intimate with her tonight.

“Are you sure?” parang hindi makapaniwalang tanong ni Miel.

“Yes,” tugon ng kaibigan niya. “It’s a beach party kaya hindi na kayo mamomroblema sa isusuot ninyo.”

“That’s nice,” ani Jill. “Puwede ba naming isama ang isa pa naming friend? Si Mary. Nagpaiwan siya sa cottage.”

“Of course,” sabi ni Brian. “Basta, it’s a deal, okay? Party starts at eight. I’ll expect you to be there.”

“Deal,” sabay na saad ng tatlong babae.

“Girls, pakisabi kay Mary na libre na kayo sa food and accommodation dito sa resort, since kayo lang naman ang guests dito ngayon and I could sense a possibility of friendship among us all,” sabi niya na hindi maikakailang ikinatuwa ng mga ito. Pero mas siya ang natuwa nang makitang sumilay ang magandang ngiti sa mga labi ni Reese.

Damn, those lips! Hindi niya namalayang napapakagat-labi siya.

“Ay, hindi kami tatanggi sa ganyang blessing,” sabi ni Miel.

“Thank you,” sabi ni Reese na sadyang ikinatuwa ni Liam nang mapansing sa kanya ito nakatingin.

Hell, just one look from her blew him out of his mind. Muntik na niyang mabitiwan ang binoculars.

“See you later, guys,” mayamaya ay paalam ni Jill. Sumunod dito ang dalawang babae. “Baka hinahanap na kami ni Mary. And we should get ready for the party.”

“See you.”

Parang ayaw namang hiwalayan ng tingin niya ang papalayong si Reese. Kahit pa natatakpan ng malaking tuwalya ang katawan nito, hindi pa rin naitago niyon ang kaseksihang taglay ng dalaga. Whew, Reese had the body of a goddess! Hindi na ito lumingon sa kanila.

“So, you’ve found Little Mermaid, huh?” tudyo ni Brian nang wala na sa paningin nila ang tatlo.

“Yeah,” nasabi lang niya at nagsimula nang humakbang pabalik ng beach house.

“Which one?” tanong ni Dale.

“Reese...” tugon niya.

Nag-high five ang dalawang kaibigan. “Sexy lips, huh? You look as if you’re in love,” sabi ni Dale.

“Yes, but for how long?” tanong ni Brian.

Tumigil siya sa paglalakad. “What do you mean by that?”

“Come on, pal,” sabi ni Brian. “You know what I mean. You want to have her for tonight? Just like the others? One-night stand.”

Hindi kaila sa mga kaibigan niyang kapag lumalabas sila at may nakikilalang babae ay madalas siyang nagkakaroon ng physical involvement sa mga iyon. Nothing serious, just casual physical attachment. He wasn't a guy who loved to entertain the idea of a long-term romantic relationship. Siya ang tipo ng lalaking pagkatapos ng isang date or one night of casual sex ay hindi na nagre-replay ng babae.

“Liam, alam ko kung ano ang pumapasok diyan sa kukote mo ngayon,” sabi ni Brian na umakbay sa kanya. “You want her, right?”

Natawa si Dale. “I bet, may isang anak na naman ni Eba ang mabibihag sa tamis ng dila nitong kaibigan natin. Ngayon pa lang, nakikisimpatya na ako kay Reese.”

“I am not doing anything,” sabi niya at binilisan pa ang paglakad.

The truth was, he couldn't rid his mind of Reese. Tonight, sisiguraduhin niyang magkakaroon sila ng napakagandang gabi nito. He smiled slyly to himself.

3

“Are we all ready?” excited na tanong ni Miel habang nakatayo sa pinto ng kuwarto nila sa inuokupang cottage.

“Itanong mo diyan sa isang ’yan,” sabi ni Reese sabay turo kay Mary na nakaupo sa gilid ng kama, mukhang tulala. Talagang naawa siya sa best friend niya.

“Mary, ready ka na ba?” tanong ni Miel dito.

Nag-angat ng mukha si Mary. “Ha? Yeah,” anito at pilit na ngumiti.

Alam ni Reese na talagang dinidibdib nito ang pinagdaraanang suliranin.

“Well, let’s go,” sabi niya. “Pasado alas ocho na kaya tiyak nagsisimula na ang party.” Nauna siyang lumabas ng pinto. Kung excited si Miel sa party, mas excited siya dahil alam niyang muli silang magkikita ni Liam. Pagkatapos ni Lex, first time niyang makaramdam ng ganitong interes sa isang lalaki.

Just for fun, piping usal niya sa sarili.

Dahil bukas, wala na rin sila sa isla. Kaya

kailangan niyang sulitin ang gabing iyon.

Kanina pa sumisilip ng pagkakataon si Liam na mapag-isa sila ni Reese. Simula nang dumating ang apat na babae ay gusto na niyang makausap ito nang sarilinan. Hindi kailang pawang magaganda ang magkakaibigan. Pero para sa kanya, lutang na lutang si Reese. She seemed to him a beautiful angel in the midst of charming fairies. Talagang malaki ang kaibahan. Napaka-sexy nito. Her curves were all in the right places. And her sensual lips completed the picture. He really was attracted to her, and it was driving him crazy.

Hindi naghihiwalay ang apat na babae, kaya hindi niya alam kung paano matitiyempuhan si Reese. He needed to be alone with her.

Hindi manhid si Reese para hindi mapansin ang kakaibang tingin sa kanya ni Liam. Kaninang hapon nang una silang magkita nito, ay alam na niyang interesado ito sa kanya. At aaminin niyang he picqued her interest as well. Para bang may nagliliyab na atraksyon sa pagitan nilang dalawa na hindi niya kayang takbuhan. She laughed inwardly because of

the metaphor. Napailing siya habang nakatingin sa direksyon nito, na noon ay titig na titig sa kanya. Walang kurap ang mga mata.

Great, naisip niya. Inaamin niyang attracted siya rito, at kung sakaling makikipaglapit ito sa kanya, she would be willing to entertain him. After all, naroon sila sa isla para magsaya. One night with Liam wouldn't cause any harm at all. Sigurado siya roon. May tiwala siya sa sariling hinding-hindi siya magkakamali. She was a woman of self-control.

Itinaas niya ang hawak na bote ng beer at tinanguan ito. Napangiti siya nang makitang papalapit ito sa kanya.

All right! Let the fun begin...

“Do you know about Cassiopeia?” tanong ni Liam kay Reese.

Magkatabi silang nakaupo sa ilalim ng isang puno ng coconut palm tree na nakatanim sa paligid ng beach resort. Lumayo sila sa nagkakasayahang mga bisita ni Brian. Kanina pa sila nag-uusap nito, kahit anong topic na maisip niya o maisip nito ay napag-uusapan nila, and he enjoyed talking with her. Masarap itong kausap. He was actually impressed

dahil matalino ito.

Kahit pa ang tungkol sa negosyo niya ay naikuwento niya rin dito and he was surprised to find out that she knew about the corporate world, too. Nagbiro pa nga siyang kung puwedeng samahan siya nito sa dadaluhan niyang conference sa Macau, pero natatawang tumanggi ito.

Naisip niyang kapag pumayag ang babae, malamang isasama niya ito. Hindi niya pinagsasabay ang business at pleasure, pero sa tingin niya, kapag si Reese ang makakasama niya, it would be a pleasure doing *business* with her.

“The constellation?” balik-tanong nito.

Tumango siya habang nasisiyahang panoorin ang pagkislap ng mga mata nito na tila katulad ng mga naggagandahang bituin sa kalangitan. Talagang nakabibighani ang kagandahang taglay nito. He wouldn't mind staring at her the whole night.

“Bakit mo naitanong?”

“Kasi, mula dito sa kinauupuan natin, kapag tumingala ka sa langit, makikita mo ang Cassiopeia,” paliwanag niya habang itinuro rito ang tinutukoy na grupo ng mga bituin.

Tumingala ito at muli, he found himself admiring her beautiful face when her kissable lips formed a big smile.

“Ay, oo nga ano!” bulalas nito sa tinig na mas pumukaw pa sa isang damdamin sa loob ni Liam.

Damdaming mas pinaigting pa ng bawat pagningning na nakikita niya sa mga mata nito. He was really drawn to her. At pakiramdam niya, habang lumalalim ang gabi, mas nadaragdagan pa ang pagnanais niyang maging mas intimate sila nito.

“Alam mo ang tungkol sa kuwento niyan sa Greek mythology?” patuloy ng dalaga.

“Hmm... she was a queen, right?”

“Yeah. She was. According to the myth, Cassiopeia was the queen of Ethiopia,” sabi nito, nakatingala sa langit.

Napalunok siya nang mapako ang tingin niya sa magandang hubog ng makinis na leeg nito.

Hell!

“She offended the Nereids, ’yung mga nymphs ng diyos ng karagatan, si Poseidon, dahil sinabi niyang mas maganda siya sa mga ito. She was punished. At her death, ginawa siyang constellation, at ibinitin

siya nang patiwarik sa kalangitan. Kung titingnan mo nang maigi, ang porma ng Cassiopeia ay parang baliktad na korona.”

“Ang malas niya,” tanging nasabi niya. He was greatly disturbed by Reese’s presence beside him. Wala siyang pakialam kahit milyun-milyon pang kuwento ng mga bituin ang sabihin nito sa kanya. What mattered to him at that moment was the feeling of having her soft lips against his own.

“Yeah,” sabi nito. “Ako, hinding-hindi ako gagawa ng isang pagkakamali na pagsisisihan ko sa bandang huli. Like Cassiopeia, she made one great mistake and she paid eternally for that.”

Sa pagkakatitig niya sa mukha nito, hindi nakaligtas sa kanya ang pagguhit ng mapait na ngiti mula sa mga labi nitong pinagpapantasyahan niya. Walang pakundangang tinungga nito ang hawak na bote ng beer at hindi tinigilan hangga’t hindi naubos ang laman niyon. He was intrigued by the sudden bitter smile he had seen on her beautiful mouth. Bakit kaya?

“Why, ano ba sa tingin mo ang isang bagay na pagsisisihan mo sa bandang huli?” curious niyang tanong.

Ibinaba ni Reese ang ulo at tumingin sa buhanging nilalaro ng mga paa nito. “To fall in love.”

Muntik na siyang mahulog sa inuupuang bato dahil sa hindi inaasahang sagot nito.

To fall in love?

Ano ba ang ibig sabihin ng babaeng ito? Halos lahat ng mga babaeng kakilala niya ay gustong ma-in love. Kakaiba si Reese. She didn’t want to fall in love. Why? Magtatanong sana siya, nang tumayo na ito.

“Halika, maglakad-lakad tayo,” anyaya nito. “Medyo nahihilo ako.” Nagpatiuna itong lumakad.

Sumunod siya rito. Mga ilang hakbang pa lang sila ay umekis na ang paglalakad nito. Di kaya, nalasing na ito? Mabilis niyang inalalayan ang dalaga. Hinapit niya ito sa baywang. At sobra ang tuwa niya dahil sa pagkakalapit nilang iyon. He was so damn lucky! He couldn’t help himself from grinning from ear to ear. Mukhang magkakaroon siya ng isang napakagandang gabi.

“So, are you single?” tanong ni Liam. Napatingin si Reese dito habang naglalakad sila sa tabing-dagat pabalik sa party ni Brian. Magkahawak sila ng kamay

nito. Kanina nang hinapit siya nito sa baywang ay hindi siya nagprotesta. Ewan niya kung dahil sa epekto ng alak kaya hindi na siya nakatanggi o dahil sa nagugustuhan rin niya ang pagkakaroon nila ng close physical contact. Basta, natuwa siya sa nadamang closeness sa pagitan nila.

“Bakit mo alam? Masyado bang halata?” balik-tanong niya dito at tumawa nang malakas.

“Honestly, sa ganda mong ’yan? Baliw ang sinumang lalaking hindi magkakaroon ng longing na ligawan ka.”

Hindi niya maitago ang kasiyahan dahil sa narinig na papuri. Sabagay, sa dinami-dami ng lalaking nakausap at nanligaw sa kanya, hindi na siya estranghero sa ganitong mabulaklak na pananalita. Yet, she felt extraordinarily glad to hear those compliments from someone like Liam.

“Guwapo ka rin naman, eh,” natatawang sabi niya. Pero ang totoo, sincere siya sa sinabi. “At baliw rin ang babaeng hindi mangangarap na maging boyfriend ka.”

Humalakhak ito nang malakas na nag-echo sa paligid.

“Gaya-gaya,”sabi nito at hindi niya inasahan ang

sumunod nitong ginawa.

Hinalikan siya nito sa tuktok ng ilong niya. Siguro, kung ibang lalaki ang gumawa niyon, lalo't isang lalaking kakikilala pa lang niya, baka nasampal na niya. Pero hindi siya nakapagprotesta kay Liam. Kahit pa ilang oras pa lang silang magkakilala ng binata ay komportable na siyang kasama ito. Darn, perhaps, it was the alcohol.

“So, talagang single ka?”

“Tama,” simpleng sagot niya.

“Since when?” usisa nito.

“Two weeks ago.”

“What? Bago lang pala. Are you still hurting? Kaya pala sinabi mo kanina na ayaw mong magaya kay Cassiopeia,” napapalatak na sabi nito.

Pinigilan niya ang sariling mapangiti dahil sa reaksyon nito. Ano kaya ang sasabihin nito kapag sinabi niyang siya ang nakipag-break sa ex-boyfriend niya, and being hurt was the last thing she could ever feel from that break-up? Pinili niyang manahimik. Hahayaan niya muna si Liam sa litanya nito.

“You don’t want to fall in love again because you were hurt, tama ba?”

“Wrong.”

“Wrong? Bakit?” Matiim na tiningnan siya nito sa mga mata.

“I don’t believe in commitment. Allergic ako sa word na ’yon. Would you believe me if I tell you na hindi talaga ako in love sa ex ko from the start? Do you think masama ang ugali ko dahil I broke up with him nang malaman kong talagang seryoso siya sa akin?”

Muling tumawa ito. Mas malakas. “Weird, but no, you are not cruel. Hindi lang naman ikaw ang may ganyang personality dito sa mundo. Marami tayo. Welcome to the club.”

Napataas ang isang kilay niya. “Ano ang ibig mong sabihin?”

“Reese, like you, I travel light. Ayaw ko ng maraming baggage. Kasi hassle pag gan’un. Why buy the whole cow when you can have all the milk you want in retail?” Kumindat ito sa kanya. “I guess you understand what I mean.”

So, katulad niya, ayaw rin sa commitment ni Liam. What a sheer coincidence. She nodded. “Yeah, I guess so. So, ibig sabihin ba niyan, single ka din?”

“Hmm... single? Are you asking if I am married or if I have a girlfriend?” nakangising tanong nito.

“Just answer it.”

“Bakit, kung sasagutin ko ba, would it matter?”

“Would it matter how?” Nasi-sense niya ang paggiging evasive nito. Or maybe he was just teasing her.

“Would it matter with what we have right now?” Liam whispered into her ear.

Napamulagat siya nang maramdaman ang kakaibang init ng hininga nito na dumampi sa tainga niya, init na tila nanuot sa tagong himaymay ng kanyang kamalayan.

“Hey, what do you mean?” patuloy niyang tanong at bahagyang inilayo ang sarili rito. Pero hindi pinakawalan ng lalaki ang kamay niyang hawak nito. “Ano ba’ng meron tayo?”

“There’s attraction between us, Sweetheart,” direktang saad nito. At kahit marami na siyang narinig na terms of endearment mula sa mga naging boyfriends niya, ang pagtawag nito ng ‘Sweetheart’ ay tila nagpagulo sa utak niya ngunit nagpakilig sa puso niya.

She laughed nervously. “Attraction? Anong klase ng atraksyon? A fatal one?” she attempted at humor to hide the indescribable feeling she felt.

Tumigil ito sa paglalakad. Napatigil din siya sa paghakbang. “I don’t know if hindi mo talaga napapansin o sadyang ini-ignore mo lang. But the moment na nagkaharap tayong dalawa kanina, there was something that transpired between us, Reese—an inevitable spark of something wonderful that couldn’t be ignored. I welcomed it because the moment I first saw you, I knew what I wanted.”

Tila umurong ang dila niya dahil sa narinig. Darn, the man was quite explicit in stating what he really wanted.

“Bakit, ano ba ang gusto mo?”

“Hindi lang ako ang may gusto niyon, Sweetheart,” masuyong sabi nito at mas hinapit pa siya palapit sa katawan nito. “We both know that you want it, too. We want the same thing. We are both mature enough to know what we really want. Hindi na natin kailangan pa ng maraming salita, my little mermaid.”

Biglang na-black-out ang utak niya. Pakiramdam niya, para siyang isang nauupos na kandilang anumang oras ay susuko sa hindi maipaliwanag na

damdaming mayroon siya para sa lalaki.

Darn it, she could always control her actions, even her emotions, pero bakit kay Liam ay natatangay siya? Was she drugged? Ridiculous.

“Hindi ko maintindihan ang mga pinagsasabi mo,” tanging sabi niya. Pakiramdam niya, naliliyo siya sa epekto ng paghaplos nito sa likod niya. She tried not to tremble as she felt his hands caress her bare back.

“Come on, Sweetheart. Can’t you see? Pareho tayong dalawa. Ang tingin natin sa commitment ay extra baggage that would hinder us from doing what we really want to do. Listen to me, hindi lang ’yon ang pagkakapareho nating dalawa.”

“Ano pa?” Para siyang tanga na nagtanong pa.

His hand felt her chin and slightly lifted it so their faces could meet. Napasinghap siya.

“We both want each other. You can’t deny that. And if you do, I will kiss you senselessly until you beg me for more. I promise I won’t stop kissing you till you admit that you want me, too.”

His frank words hit her with a realization that he was correct. Napapikit siya nang mariin. Tama ito.

She wanted him, too. Right exactly from their first meeting, there was something within her that yearned for him. Pero kahit pa sabihing madali lang sa kanya ang pagpapalit ng boyfriend, hindi siya pakawalang papatol kaagad sa isang lalaking kakikilala lang niya. Even if he was as handsome as sin like Liam. Na-curious man siya sa ideyang magkakaroon sila nito ng mas malalim na kaugnayan sa isa't isa, hindi niya maaaring isuko ang self-control na mayroon siya.

“Tell me, ano ba ang sinasabi mong meron tayong dalawa na nagsimula pa sa una nating pagkikita? Love at first sight? No way,” cynical na saad niya habang tahimik na nananalangin sa sariling makaya niyang salungatin ang mga sasabihin pa nito.

“I don’t believe in love at first sight either,” anito habang patuloy sa paghaplos sa likod niya. May hatid na kakaibang init ang mga palad nito roon, pero, mas nanlamig pa yata ang pakiramdam niya. “We are both grown-ups, Sweetheart. At huwag kang magmaang-maangan. Your feigned ignorance amuses me and arouses me at the same time.”

“You are... you are...” She was caught in midsentence. “You are impossible.”

“All things are possible, Reese. Stop playing with words now,” he whispered huskily. Tila walang

Tayong Dalawa - Kizza Grace

lakas na napapikit siya nang makitang pababa ang mga labi nito sa mukha niya. Napaigtad siya nang maramdamang dinampian ng mga halik nito ang mga mata niya. “Kanina pa kita gustong halikan. Mababaliw ako kapag pinigilan mo ako. Don’t fight off the impulse to respond to my kisses. Let go, Sweetheart. I’m here.”